# Pagtitiwala sa Diyos sa mga Imposibleng Sitwasyon

**A Lord's Flock Praise and Worship Topic**

Ni: Rev. Fr. Glen Galao, Missionaries of God's Love

Disyembre 28, 2024



May mga pagkakataon sa ating buhay na makaranas ng mga imposibleng sitwasyon. Ito ay isang katotohanan ng buhay at ang hamon sa atin ay paano harapin ang mga parang imposibleng sitwasyon na ito. Kailangan natin maintindihan ang konsepto ng imposibilidad, na naitutulad sa kapangyarihan ni Hesus sa Kanyang panahon. Totoo, may kapangyarihan ang Diyos na gawing posible ang mga bagay-bagay.

1. **Naging posible ang mga sumusunod na kaganapan dahil sa kapangyarihan ng Diyos:**

**1.1. Ang Kwento ni Elizabeth**

Si Elizabeth, na sinabing baog, ay naglihi kay Juan Bautista sa kanyang napakatandang edad (Lk. 1:5-19).

**1.2 Ang Pagbati ng Anghel sa Mahal na Birhen**

Sinabi ng anghel kay Maria na siya ang napiling ina ng Anak ng Diyos. Naglihi siya kahit na wala siyang relasyon sa sinumang lalaki (Lk 1:35).

**1.3 Ang Pagsilang sa Mundo ng Anak ng Diyos**

Ang pagsilang kay Hesus at ang mga kaganapan sa paligid nito ay punong-puno ng imposibilidad, ngunit lahat ay possible sa kapangyarihan ng Espiritu Santo (Lk 1 & 2).

**1.4 Ang Kwento ni Simeon**

Noong dinala nina Maria at Jose si Hesus sa templo, pinatnubayan ng Espiritu Santo si Simeon na makilala si Hesus na magiging liwanag na tatanglaw sa mga Hentil at magbibigay-karangalan sa bayang Israel (Lk. 2:28-32).

**1.5 Maria at Jose bilang magulang ni Hesus**

Ang maging magulang ng Anak ng Diyos ang pinakamahirap na trabaho sa buong mundo dahil sa napakaraming imposibilidad na kasama nito. Kailangan nila ang Espiritu Santo para ang mga bagay-bagay ay magawang posible (Philippians 4:13).

2. **Kailan at ano ang dapat gawin kung makaranas ng mga imposibleng sitwasyon sa ating buhay?**

**2.1. Kinokomisyon tayo ng Diyos sa imposibleng gawain o misyon.** Maaaring mahirap ang misyon o gawain ngunit hindi ito imposible kung isusuko natin sa Diyos ang lahat at bibigyan Niya tayo ng kapangyarihan.

**2.2. Gumagawa ng imposible ang Diyos sa atin at sa pamamagitan natin.**

- Ordinaryong babae si Maria ngunit pinili siya ng Diyos na instrumento ng imposible – maging ina ng Anak ng Diyos.
- Si Sis. Techie Rodriguez, Elder at Founder ng Lord's Flock, ay binigyan ng Diyos ng inspirasyon at gawaing itayo ang Heritage Formation Center. Nagkaroon ng maraming balakid noong nagsisimulang itayo ang Heritage at parang imposibleng maipatayo. Ngunit, noong sinunod niya lahat ang sinabi ng Diyos at umasa sa Kanya 100%, ang imposible ay naging possible.

**Konklusyon:**

Habang sinisimulan natin ang Bagong Taon, gawin nating resolusyon na umasa sa Diyos na kaya Niyang gawing possible ang lahat sa ating buhay. Totoong may kapangyariahn ang Diyos na gawing posible ang mga imposible kung magtitiwala lamang tayo sa Kanya.

**Pagninilay:**

1. Anong mga hamon ang naranasan mo na sa akala mo ay imposible?
2. Paano ka umaasa sa Diyos na maging posible ang lahat?

**Scribes Ministry:**

Isinalin ni: Nida A. Cruz

https://lordsflock.org/teachings/digests

Tags: #Pananalig; #Tiwala